Project Description

Lahat ng Nag-aangas ay Inaagnas

Walang messiah na mapapala sa lalakeng pilit itinitakwil ang pagkalalake at ang sari-saring karahasang dulot nito. Sa panahong pilít ang komodifikasyon at resureksyon ng mga mukha ng lalake na katakot-takot—ang baliw, ang manyak, ang barkada, ang ama, ang kuya, ang sariling mukha—ano pa ang silbi ng ganitong paggigiit sa matagal na nating natuklasang kasaysayan ng pang-aapi ng lalake?

Subalit may salimuot, kahit papaano, kahit kay munti nitong papaano, sa ganitong tagisan ng lalake sa lalake, lalake sa pagkalalake, at lalake sa mundong buong-akala niyang kanyang lunsaran. Hangarin ng mga tulang ito isalaysay ang distorsyong nagaganap sa paghahanap ng paraan upang maartikula ang pagkalalake, hindi upang magbigay-dangal, kundi upang makapag-ambag sa pagbubuo nitong larawan. Na kahit ang original sin ng mga lalake na pagiging lalake, kahit ang bungad na ito, ay may naratibo pang patutunguhan, kasisilbihan. Na hindi pa hulí ang mga pagtatangkang kumatha ng panibago. Ang *Lahat ng Nag-aangas ay Inaagnas* ay isang proyekto na sinusubok mailuwal ang pagkalalake na, paglaon, ay kayang wakasan ang kanyang sarili, kayang maagnas sa sarili nitong pilit na nag-aangas at bumabalikwas.

Paolo Tiausas